



EDITORIAL

## Tunay na kalayaan, ipaglaban! Paghahari ni Duterte, wakasan!

**D**apat ubos-kayang labanan at wakasan ang paghahari ng pambansang traydor na si Duterte. Kinabukasan ng buong bayan at buhay ng bawat Pilipino ang nakasalang sa patuloy na paninikluhod niya sa mga imperyalistang kapangyarihan.

Mistulang inialay na ni Duterte sa altar ng China ang karagatan at likas yaman ng bansa kapalit ng matatabang kontrata na pinagkakakitaan niya at ng kapwa niyang mga burukratang kapitalista. Sa kabilang panig, lalo pa niyang pinahigpit ang paggamit ng US sa buong Pilipinas bilang malaking base militar nito bilang sukli sa tuluy-tuloy na ayudang militar sa kanyang madugong teroristang gerang "kontra-insurhensiya" at "kontra-droga."

Dahil sa natatamo niyang pakinabang, bingi si Duterte sa sigaw ng bayan para ipaglaban ang tunay na kalayaan at ipagtanggol ang interes ng bansa sa harap ng nagtutunggaling mga imperyalistang kapangyarihan. Kung mananatili sa poder si Duterte, tiyak na lalong bibigat ang pasan ng Pilipinas na dayuhang dominasyon, lulubha ang kinasasadlakan nitong krisis at titindi ang pasistang pag-supil sa makabayan at demokratikong kilusan.

Ang kalagayan ngayon ng Pilipinas ay mahigpit na nakaugnay sa kasalukuyang kalagayan sa buong mundo na kinatatampukan ng tumitinding tunggalian ng mga imperyalistang kapangyarihan sa ekonomya at kalakalan, diplomasya, pulitika at militar. Habang nagtatagal ang di malutas-lutas na krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista, lalong sisidhi ang mga kontradisyong ito at lalong titindi ang hambalos nito sa Pilipinas at iba pang mga bansang malakolonya o hindi ganap na malaya.

Nasa gitna ng mga tunggaliang ito ang pangunahing mga imperyalistang kapangyarihan, una na ang imperyalismong US na nananatiling pinakamakapangyarihan sa buong daigdig dahil sa dambuhalang makinaryang militar nito na nakakalat sa buong mundo. Mahigpit na hinahamon ng iba't ibang imperyalistang kapangyarihan ang paghahari ng US, laluna ng Russia sa larangang militar, at ng China sa larangan ng ekonomya.

Sa desperasyon ng US na mapangibabawan ang internal nitong krisis sa ekonomya, nagkukumahog itong ibalik ang solong paghahari. Nilalabanan ng US ang nabubuong bagong hatian sa mundo (sa usaping militar at pamumuhunan) sa pagitan ng mga imperyalista kung

saan nababawasan ang mga larangang dating nasa ilalim ng kanyang kontrol.

Sa kasaysayan, laging mahalaga ang lugar ng Pilipinas sa estratehiyang geopolitikal ng mga imperyalistang bansa. Pinagnanahanan ito ng mga pandaigdigang kapangyarihan dahil nasa gitna ito ng mahahalagang ruta sa kalakalan, laluna sa paroo't parito mula sa Indian Ocean patungo sa East at Southeast Asia.

Sa nagdaang mahigit isang siglo, ipinataw ng imperyalismong US ang kapangyarihan nito sa Pilipinas, una sa pamamagitan ng tuwirang kolonisasyon at, sa malaon, sa pamamagitan ng di-tuwirang kontrol. Ang mga base militar ng US sa Pilipinas ay ginamit na lunsaran ng mga pwersang militar para sa gerang agresyon mula Vietnam hanggang Middle East, gayundin, para sa pagpapalawak ng merkado para sa mga produktong Amerikano sa Asia, laluna sa China. Halos tatlong dekada na mula nang binaklas ang mga baseng ito, pero nananatiling

nakaistasyon ang daan-daang sundalong Amerikano sa Pilipinas at parami nang parami ang mga eksklusibo nilang pasilidad sa loob ng mga kampo ng AFP.

Ang pagkakapailalim ng Pilipinas sa kolonyal at malakolonyal na paghahari ng US ang pinakamalaking balakid sa pag-unlad at pagsulong ng Pilipinas. Ang ekonomya ng Pilipinas ay pinaghaharian ng mga korporasyong Amerikano at diniktahan ng USAID, ng IMF-WB at mga bangko at institusyon sa pinansya na hawak ng US.

Lumitaw ang China bilang isang kapitalistang kapangyarihan simula kalagitnaan ng dekada 2000. Ipinang-akit nito ang daan-daang milyong manggagawang mababa ang sahod upang higupin ang produktibong kapital, laluna mula sa US. Hindi nagtagal, babahain ng murang mga kalakal mula sa China ang pandaigdigang merkado. Sa kasalukuyan, binabagabag ang China ng pagbagal ng produksyon dahil sa pagkasagad ng merkado ng sobra-sobrang mga produktong

pangkunsumo at pangkapital. Ang paspasang pag-eeksport ng kapital sa anyo ng mga pautang at malawakang konstruksiyong pang-imprastruktura ay tangkang pigilan ang pagdausdos ng China sa krisis.

Bahagi ng mga desperadong hakbang na ito ang pagpapalakas ng presensya ng China sa Pilipinas sa nagdaang mga taon, partikular na ang malakihang paghuthot ng mineral at iba pang likas na yaman ng bansa. Nakikipag-unahan ngayon ang China sa US at iba pang mga kapitalistang kapangyarihan sa pagsaid sa kayamanan ng Pilipinas. Kasabay nito, nagbubuhos ito ng pautang para sa mga proyektong pang-imprastruktura para ipambili ng sobra-sobrang semento at asero mula sa kanila.

Batid ng China na ang Pilipinas ay balwarteng militar ng US na ginagamit nitong daungan, paliparan at lunsaran ng mga sasakyan at kagamitang pandigma. Sa mahabang panahon, ginamit ng US ang Pilipinas upang pagharian ang South China Sea at kontrolin ang kalakalang dumadaan dito. Nakikita ng China ang halaga na palakasin ang presensya at pag-impluwensya nito sa Pilipinas sa harap ng tumitinding pakikipagtunggalian nito sa US. Kaya ganoon na lamang ang paggiit nitong kontrolin at angkinin ang malawak na karagatan sa kanlurang bahagi ng Pilipinas, dambungin ang yamang-dagat at itayo roon ang kanyang mga pasilidad militar.

Ang Pilipinas sa ngayon ay nasa gitna ng nag-uumpugang imperyalistang kapangyarihan. Dapat pagibayuhin ng sambayanang Pilipino ang kanilang pakikibaka para sa tunay na pambansang kalayaan mula sa kontrol ng US at laban sa panghihimasok ng China.

Ang pakikibakang ito sa ngayon ay nakatuon pangunahin laban sa pambansang traydor na si Duterte. Dapat siyang labanan, singilin at papanagutin sa ginawa niyang paglapastangan sa kalayaan at sobreranya ng Pilipinas.



Tomo L Blg. 14 | Hulyo 21, 2019

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.



[instagram.com/progressiveviews](https://www.instagram.com/progressiveviews)



[@prwc\\_info](https://twitter.com/prwc_info)



[cppinformationbureau@gmail.com](mailto:cppinformationbureau@gmail.com)

## Nilalaman

<b>Editorial:</b> Tunay na kalayaan, ipaglaban! Paghahari ni Duterte, wakasan!	1
Todong liberalisasyon	3
Humihigpit na kontrol ng US sa Pilipinas	4
<i>Writ of kalikasan</i> , pwersahang pinaatras	5
#PayDayProtest, inilunsad	5
63rd IB at 87th IB, hinaras ng BHB	5
Bitak ng alyansang Duterte, lumalalim	6
Pamamayani ng huntang sibil-militar	7
Tangkang pagdukot, binigo	8
Paaralang Lumad, pinasasara	8
Liberalisasyon sa bigas	8

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Una, dapat batikusin ang pag-suko niya sa China ng mga karapatan sa South China Sea, kabilang ang soberanong karapatan sa "exclusive economic zone" ng Pilipinas. Dapat din siyang pagbayarin sa korapsyon at pagpapayaman sa pinasok niyang maanomalyang mga kasunduan at kontrata sa pautang.

Kasabay nito, dapat ding puspulang ilantad ang pangangayupapa ni Duterte sa imperyalismong US. Dapat ilantad ito bilang pangunahing imperyalistang kapangyarihan sa Pilipinas, laluna sa pagtatangka nitong gamitin ang protestang bayan laban sa China para ikubli o bigyang-matwid ang papatinding panghihimasok at paggamit sa Pilipinas para sa kanyang interes militar.

Dapat labanan, singilin at panagutin si Duterte sa pagbibigay-daan niya sa pagpapalakas ng presensya ng pwersang militar ng US sa bansa, sa ilalim ng Operation Pacific Eagle-Philippines, at sa pamamagitan ng parami nang paraming mga ehersisyo at maniobrang militar ng US sa Pilipinas. Dapat labanan ang dikta ng US na baguhin ang Konstitusyong 1987 para ganap na ibuyangyang ang ekonomya ng bansa sa kapakinabangan ng dayuhang malalaking kapitalista, Amerikano man o Chinese. Isinusulong ito ngayon ni Duterte upang ilusot ang kanyang bogus na pederalismo o ibang pagbabago para tiyakin ang pagpapalawig sa kapangyarihan ng kanyang pamilya.

Dapat batikusin ang US at ang China sa pagbibigay ng suporta sa tiranikong paghahari ni Duterte, at singilin ang mga ito, laluna ang US, sa pag-aarmas sa kanyang mga pasistang tauhan. Ang nakukuhang suportang militar ni Duterte mula sa US ang nagbibigay sa kanya ng lakas ng loob na ipagpatuloy ang walang-habas na maramihang pagpatay, pampulitikang pag-usig at pag-supil sa lahat ng lumalaban sa kanyang paghahari. AB

## Adyendang lehislatibo para sa todong liberalisasyon

Sa darating na State of the Nation Address ni Rodrigo Duterte sa Hulyo 22, tiyak na muli siyang magpapamalas ng tahasang pangangayupapa sa imperyalista niyang among US sa pamamagitan ng pagpryoritisa sa neoliberal na mga reporma sa ekonomya. Ang mga repormang ito ay matagal nang itinutulak ng US sa ilalim ng The Arangkada Philippines Project (TAPP).

Layunin ng naturang mga repormang ang isagad ang liberalisasyon ng lokal na ekonomya sa pamamagitan ng pagpapaluwag o tuluyang pagbabaklas ng mga restriksyon sa pamumuhunan ng mga multinasyunal at mga subsidiyaryo nito. Sa nakaraang tatlong taon, sunud-sunod nang naglabas si Duterte ng mga kautusang ehekutibo, gayundin ang mga ahensya ng guberno, para paisa-isang ilusot ang mga hakbanging neoliberal.

### Pag-amyenda sa PSA

Kabilang sa mga target na pasukin ng mga multinasyunal ang subsektor ng telekomunikasyon at transportasyon na bahagi ng pampublikong mga utilidad. Batay sa depinasyon sa reaksyunayong batas, ang pampublikong mga utilidad ay yaong mga "bagay o serbisyong kinakailangan ng isang komunidad." Dahil itinuturing na estratehikong mga empresa, isinasaad sa Konstitusyong 1987 na hindi maaaring humigit sa 40% ang dayong pagmamay-ari sa mga pampublikong utilidad. Gayunpaman, walang patumanggang nilalabag ang batas na ito at marami sa mga kumpanya sa telekomunikasyon at transportasyon ay hawak na ng dayuhang kapital. Nagagawa ito sa pamamagitan ng pagpapautang at sosyohan sa mga lokal na kumpra-



dor.

Para ituluyang baklasin ang natitira pang proteksyon sa subsektor, itinutulak ng rehimen ang pag-amyenda sa Public Services Act (PSA o batas sa pampublikong mga serbisyo). Alinsunod sa rekomendasyon ng TAPP, tatanggalin sa listahan ng pampublikong mga utilidad ang telekomunikasyon at transportasyon. Ililimita na lamang ang saklaw nito sa "distribusyon at transmision ng kuryente, serbisyong patubig at sewerage." Sa pamamagitan nito ay pahihintulutan na ang mga dayuhan na buong-buong makapagmay-ari at mangasiwa ng mga kumpanya sa mga industriyang ito. Nabigong ilusot ng kanyang supermayorya ang panukalang ito bago magsara ang ika-17 Kongreso noong nakaraang buwan.

### Pag-amyenda sa FIA

Itinutulak rin ng US na amyendahan ang Foreign Investment Act (FIA o batas sa dayuhang pamumuhunan) para sa mas madalas na pagrepaso at pagpapaiksi ng listahan ng mga negosyo at propesyon na eksklusibong nakalaan para sa mga Pilipino. Ang listahang ito na tinatawag na *foreign investment negative list* (FINL) ay nagbabawal

"Adyenda...", sundan sa pahina 4

# Kontrol ng US sa bansa, patuloy na humihigpit

LALONG HUMIHIGPIT ANG hawak ng US sa Pilipinas matapos ang ika-8 Bilateral Strategic Dialogue (BSD) sa pagitan ng dalawang bansa noong Hulyo 15-16. Isinasagawa ang taunang BSD sa ilalim ng US-Philippines Mutual Defense Treaty. Dinadaluhan ito ng matataas na opisyal ng gubyernong US at ng Armed Forces of the Philippines.

Ang delegasyon mula sa US ay pinangunahan ni Ambassador Sung Kim, kasama ang mga kinatawan ng State Department for East Asian and Pacific Affairs at Department of Defense for Indo-Pacific Security Affairs. Tinatalakay dito hindi lamang ang mga usaping militar kundi pati ang mga usapin sa larangan ng pulitika at ekonomya.

Ginamit ng US ang dayalogo upang patuloy na igiit ang kapangyarihan nito sa Asia, laluna sa harap ng girian nito sa China. Tinulak nito ang Pilipinas na isulong sa ASEAN o Association of Southeast Asian Nations ang isang kondukta sa pinag-aagawang teritoryo sa South China Sea upang kontrahin ang pag-angkin ng China sa karagatang ito. Napagkasunduan din na sasama ang Pilipinas sa pagpapa-

kitang-lakas ng US sa tabing ng mga operasyong "freedom of navigation" sa anyo ng paglalayag ng mga barkong pandigma at pagpapalipad ng mga *jetfighter* sa teritoryo ng bansa.

Mas malaki rin ang gaganaping pagsasanay ng mga hukbong katihan ng Pilipinas at US sa susunod na taon. Sa Salaknib 2020, muling sanayin ang 1st Brigade Combat Team (BCT) na binuo ng militar ng US noong 2018. Katapat ng may 1,500 tauhan ng BCT ang may 1,700 sundalo naman mula sa US Army Pacific Command. Layon ng Salaknib na mapahusay ang pagmamando ng militar ng US sa mga pwersa ng AFP para sa mga gerang kumbensyunal at "kontra-terorismo." Paghahanda ito para sa malakihang mga labanan, ayon sa tagapagsalita ng Philippine Army na si Lt. Col. Ramon Zagala.



Bago pa man ang BSD, naglaan na ang US ng \$145.6 milyon ayuda para gamitin ng AFP sa 2019. Hindi pa kabilang dito ang makukuhang bahagi ng militar ng Pilipinas sa inaprubahan ni US President Donald Trump na \$1.5 bilyong ayudang militar para sa mga bansa sa Asia Pacific mula 2019-2023.

Kasabay ng BSD, sinimulan din ang Marine Aviation Support Activity (MASA) sa Marine Base Gregorio Lim sa Ternate, Cavite. Dalawang beses kada taon ginaganap ang MASA na nilalahukan ng Marines at Air Force ng US at Pilipinas. Isa lamang ang MASA sa nakahanay na 280 pinagsanib na pagsasanay na nakatakang gawin sa bansa sa 2019. AB

"Adyenda...", mula sa pahina 3

sa pagpasok at buong pagmamay-ari ng mga transnasyunal at mga dayuhan sa naturang mga negosyo at propesyon.

Partikular na itinutulak ang probisyon para pahintulutan ang mga dayuhang propesyunal, lalo na yaong galing sa mga imperyalistang bansa, na magtrabaho sa Pilipinas para sila ang iempleyo sa dayuhang mga kumpanya at lokal na subsidyaryo. Banta ito sa trabaho ng mga Pilipinong abugado, duktor, syentista, inhinyero at iba pang propesyunal na mapipilitang umangkop sa dayuhang mga rekisito sa ngalan ng "internasyunal na pamantayan."

Noong Oktubre 2018, inilabas ni Duterte ang Executive Order 65 na nagpatupad sa pinakitid na FINL. Tinanggal nito sa listahan ang limang larangan sa pamumuhunan at aktibidad kabilang ang mga negosyo sa internet; pagtuturo sa kolehiyo ng mga asignaturang hindi pampropesyunal; mga sentro para sa teknikal at bokasyunal na pagsasanay na hindi bahagi ng pormal na sistemang pang-edukasyon; mga kumpanya sa pinansya; at mga *wellness center*. Itinaas din nito ang pwedeng pagmay-ariin ng mga dayuhan sa mga kontrata sa konstruksyon o pagkukumpuni ng pampublikong mga imprastruktura at proyektong pangkaunlaran mula

25% tungong 40%; at sa pribadong mga kumpanya ng radyo mula 20% tungong 40%.

Sa kagyat, makikinabang sa agresibong mga hakbang na ito ang pagpasok ng kapital at tauhan mula sa China alinsunod sa mga kundisyon ng pautang nito sa rehimen.

## Iba pang mga hakbang

Kabilang pa rin sa mga rekomendasyon ng US ang pag-amyenda sa Retail Trade Liberalization Act (batas sa liberalisasyon ng pagtitingi). Layon nitong lalupang pababain ang minimum na kapital na ipupuhunan ng dayuhang mga kumpanya sa pagtitingi mula \$2.5 milyon tungong \$200,000.

Samantala, minamadali ni Duterte ang pagpapasa sa ikalawang pakete ng batas na TRAIN na tinaguriang Trabaho Bill. Layunin nitong pababain ang buwis sa kita ng mga korporasyon mula 30% tungong 20% at bawasan ang mga insentibang ibinibigay sa mga korporasyon sa espesyal na mga sonang pang-ekonomya.

Sa pangkabuuan, mula nang maupo si Duterte sa poder, nagpatupad na siya ng hindi bababa sa 10 kautusang ehekutibong nagbibigay daan sa lansakang liberalisasyon ng ekonomya. AB

# Writ of kalikasan, pwersahang pinaatras

PWERSAHANG PINAATRAS NG mga abugado ng rehimeng Duterte noong Hulyo 9 ang nagpetisyong 40 mangingisda ng Masinloc, Zambales at Palawan para sa *writ of kalikasan* sa West Philippine Sea (WPS).

Nagsampa sa Korte Suprema noong Abril ang naturang mga mangingisda katuwang ang mga abugado ng Integrated Bar of the Philippines ng kaso laban sa paninira ng China sa mga bahura at coral sa WPS. Ang *writ of kalikasan* ay isang ligal na remedyo para pwersahin ang nakaupong guberno na bigyan-proteksyon ang karapatang konstitusyunal ng mga Pilipino para sa isang malusog na kapaligiran alinsunod sa Konstitusyong 1987.

Isinampa ng mga mangingisda ang petisyon para pigilan ang reklamasyong isinasagawa ng China para pagtayuan ng mga istrukturang militar sa karagatan ng Pilipinas. Resulta ng reklamasyon ang malawakang pagkasira ng mga bahura, partikular sa bahaging Zambales at

Palawan.

Una nang naglabas ng desisyon ang Korte Suprema pabor sa mga mangingisda noong Mayo. Inutusan nito ang rehimeng Duterte na protektahan ang WPS at gumawa ng mga hakbang upang pigilan ang paglabag sa mga batas pangkalikasan laluna sa eksklusibong sonang pang-ekonomya sa karagatan ng Pilipinas. Ipinahayag ni Chel Diokno, abugado ng mga mangingisda, na pinatunayan ng unang desisyon ng korte na lehitimo ang petisyon ng mga mangingisda. Aniya, ang kaniyang pag-atras ay dahil sa panggigipit ng rehimen. Dahil dito, kinansela na ng korte ang pangalawang pagdinig kung saan maghaharap ang mga mangingisda at mga kinatawan ng guberno.

Sa pag-atras ng mga mangingisda sa petisyon, tinanggal ng rehimen ang ligal na balakid para sa pandarambong ng China sa karagatan ng Pilipinas.

Samantala, bilang paggunita sa ikatlong taon mula nang magdesisyon ang Arbitral Tribunal pabor sa Pilipinas laban sa China hinggil sa pinag-aagawang West Philippine Sea, daan-daan ang nagmartsa noong Hulyo 12 tungong Chinese Embassy upang kundenahin ang patuloy na panghihimasok ng China sa teritoryong dagat ng bansa.

Ayon sa PINAS, ang desisyon ng Arbitral Tribunal noong 2016 ay makatutulong sa iba pang mga bansa na labanan ang panghihimasok ng China sa kani-kanilang mga teritoryong dagat. Resulta ng panghihimasok, nakumpleto ng China ang pagtatayo nito ng base militar na sakop ng mga karagatan ng Pilipinas. AB

## Protestang #PayDay, inilunsad

INILUNSDAD NG MGA manggagawa sa ilalim ng Kilusang Mayo Uno ang #PaydayProtest noong Hulyo 15, isang linggo bago ang State of the Nation Address ni Rodrigo Duterte. Kinundena nila ang pambabarat ng rehimeng Duterte sa mga manggagawa, nagpapatuloy na patakaran ng kontraktwalisasyon at pangkalahatang kawalang trabaho sa buong bansa.

Nakiisa sa protesta ang mga manggagawang bukid ng Hacienda Buenconsejo, E.B. Magalona, Negros Occidental. Ayon sa mga manggagawa, wala nang laman ang kanilang mga pitaka. Iligal na nagsara ang asyenda at tinanggal ang mga manggagawa. Ang abereyds nilang sinasahod ay ₱150/araw lamang samantalang ang minimum na sahod para sa mga manggagawa sa Negros ay ₱365/araw. Mayorya sa kanila ay may tatlo hanggang 24 na taon nang nagtatrabaho sa asyenda.

Sa Cebu, lumahok sa protesta ang mga drayber upang kundenahin ang pekeng modernisasyon ng mga dyip na sa esensya ay pagpatay sa

kanilang kabuhayan. Sa Davao City, iligal na hinalughog ng mga pulis ang mga gamit ng mga nagpuprotestang aktibista sa harap ng lokal na upisina ng Department of Labor and Employment.

Ilang araw bago ang protesta, nagpiket ang mga manggagawa ng Pepsi Cola sa pangunguna ng Pepsi Cola Workers Unity sa harap ng pabrika sa Muntinlupa City noong Hulyo 12. Anila, nagbibingi-bingihan ang maneydsment sa kanilang kahingian sa nagaganap na negosasyon ng *collective bargaining agreement*. Kabilang sa kanilang panawagan ang dagdag na sahod at regularisasyon ng 1,000 kontraktwal na manggagawa. AB

## 63rd IB at 87th IB, hinaras ng BHB

DALAWANG BESES NA hinaras ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Western Samar ang mga elemento ng 63rd IB noong Hunyo 16 sa Barangay Bay-ang, San Jorge, Samar. Dalawang sundalo ang napatay. Tatlong elemento rin ng 87th IB ang napatay sa operasyong haras ng BHB noong Hunyo 27 sa Barangay Sto. Niño, Paranas.

Samantala, naglunsad ng punitibong aksyon ang BHB laban kay Sonny Moreno, myembro ng Military Intelligence Battalion (MIB) sa Poblacion, San Jose de Buan noong Hulyo 7. Naging aktibo siya sa pagpapasurender ng mga sibilyan. Si Moreno ay kilalang masugid na kontra-rebolusyonaryong tauhan ng dating meyor na si Ananias Rebato. Pinarusahan ng BHB si Rebato noong Oktubre 2018. AB

# Bitak ng alyansang Duterte, lumalalim

Lumalalim ang bitak sa alyansang Duterte-Arroyo-Marcos. Litaw ito sa nagpapatuloy na bangayan ng mga tauhan nito para sa pinakamataas na papisyon sa Kongreso. Tuwiran nang nakialam si Duterte sa bangayan at inendorso noong Hulyo 8 sina Alan Peter Cayetano at Lord Allan Velasco para magsalitan bilang Speaker. Pero ilang araw pagkatapos nito, taliwas sa inasahan ni Duterte, hindi pa rin lubos na nagkakaisa ang mga kongresista.

Hanggang sa bisperas ng pagbubukas nito, wala pa sa magkakaribal na kongresista ang nakatitiyak na makukuha nila ang mayoryang boto.

Nang inendorso ni Duterte sina Cayetano at Velasco para magsalitan bilang Speaker, inendorso rin niya bilang pinuno ng mayorya ng kapulungan si Martin Romualdez, ang manok ng bloke ni Arroyo. Nanalo si Cayetano sa pagkuha ng basbas ni Duterte dahil sa kanyang pangakong isusulong ang *charter change* o *cha-cha* sa Kongreso. Gayunpaman, marami pa rin ang tutul sa planong iupo siyang Speaker. Una nang tinanggihan ng PDP-Laban ang alok na paghahati ng termino. Hindi rin sang-ayon sa pakalang ito ang tatlo pang bloke sa Kongreso, kabilang ang blokeng binubuo ng magkapatid na Sara at Paolo Duterte.

## Bagong pakete, lumang pakana

Nasa likod ng pagpili ni Duterte kay Cayetano ang kanyang todo-todong pangako na isulong ang *cha-cha*. Sa kabila ng kanyang supermayorya sa nakaraang Kongreso, nabigo si Duterte na iratsada ang pakalang ito dahil sa banggaan ng Senado at Kongreso sa susing mga probisyon na pumapatungkol sa transisyon tungo sa pederal na sistema ng paggugobyerno.

Upang ibwelo ang *cha-cha*, ibinalot ito ng Inter-Agency Task Force on Federalism and Constitutional Reform sa bagong pekete na nagdidiin sa mga probisyong pang-ekonomya para lalong “ibukas ang ekonomya, nang lahat ay may pag-asa.” Sa ilalim ng islogang ito, tiyak na lalong pang itutulak ang mga patakarang neoliberal na matagal nang hinihingi ng American

Chamber of Commerce na ilagay sa konstitusyon ng bansa.

Itinutulak pa rin ng Task Force ang “pederalismo,” pero dahil batid ni Duterte na walang malakas na pagsuporta dito, idineklara niya na “ayaw man ninyo ng pederalismo, baguhin pa rin ninyo ang konstitusyon.” Ayon sa pinuno nitong si Eduardo Año, kalihim ng Department of Interior and Local Government, maaari pang magbago ang direksyon ng *cha-cha* sa susunod na tatlong taon.

Wala pang detalye ang itinutulak ng Task Force na pagbabago sa konstitusyon. Subalit kung pagbabatayan ang Resolution of Both Houses No. 15 na ipinasa noong Disyembre 2018 sa Kongreso, tiyak na ibayong sasahol ang konstitusyon ng Pilipinas. Nakapaloob dito ang pagtatanggal ng mga probisyong nagbibigay-proteksyon sa interes ng lokal na mga negosyante at mamamayang Pilipino at pagbubukas sa lokal na ekonomya sa mga transnasyunal na korporasyon. Gayundin, binibigyan si Duterte ng kapangyarihang lehislatibo at pagbibigay sa kanya ng solong kapangyarihan ng buong gubyerno. Sa “bagong” konstitusyon ni Duterte, lilimitahan na ang mga karapatan ng mamamayan, at hindi na sila maaaring magpatalsik ng isang nakaupong presidente.

## Pambabraso sa pampulitikang oposisyon

Sa gitna ng bangayan ng kanyang mga alyado, tiniyak ni Duterte na hindi makatitindig o makaha-

hamig ng suporta sa Kongreso at iba pang sangay ng estado ang kanyang mga kaaway sa pulitika. Noong Hulyo 18, sinampahan ni Duterte ang oposisyong pulitikal, kabilang ang bise-presidente ng Pilipinas na si Leni Robredo at 35 iba pa, ng kasong sedisyon. Kabilang dito ang mga senador ng LP, mga kandidato ng Otso Diretso (liban kay Mar Roxas), ilang pari at obispo, mga abugado at kanilang mga tagasuporta.

Tinawag ito ng Partido Komunista ng Pilipinas na “panggigipit at pananakot” laban sa pampulitikang oposisyon para magsilbing babala sa mga tututol sa adyenda niyang “*cha-cha*.” “Basura,” “di kapani-paniwala,” “sukdulang panggigipit at pambabraso”—ito naman ang naging reaksyon ng mga senador at obispong inakusahan ng rehimen ng sedisyon. Ibinatay ang kaso sa lumabas na nakabidyong pahayag ni Peter Advincula (alyas Bikoy) na nagsangkot sa buong pamilya ni Duterte sa iligal na bentahan ng shabu. Malinaw na panggigipit ang layunin ng pagkakaso upang lalupang ipitin at paatrasin ang oposisyon sa paglaban sa kanyang mga pakana. Babala din ang pagkakaso sa mga alyado ni Duterte na nagtatangkang makiisa sa oposisyon. Bago nito, nagpahayag ang LP na “bukas” itong sumali sa supermayoryang bubuuin ni Cayetano sa Kongreso. AB



# Pamamayani ng huntang sibil-militar

Isang huntang sibil-militar ang nagpapatakbo sa sibilyang burukrasya ng rehimeng US-Duterte. Nitong Hulyo, umaabot sa 64 na pusisyong sibilyan sa guberno ang hawak ng retiradong mga sundalo at pulis. Labing-isa sa kanila ay nasa gabinete at namumuno sa mayor na mga ahensya. Madadagdagan pa ang kanilang hanay ng itatalaga ni Rodrigo Duterte na dating sundalo para pamunuan ang Department of Agriculture.

Duguan, sunud-sunuran sa kaniyang among US at batbat ng korapsyon ang rekord ng mga sundalo at pulis na ipinwesto ni Duterte sa kanyang guberno. Binigyan niya ang mga ito ng kapangyarihang sibil para ipagpatuloy ang mararahas na programang kontra-insurhensya na dati na nilang tangan. Karamihan sa kanila ay nagsilbing mga hepe ng batalyon, dibisyon o kumand sa Mindanao at sa gayon ay nagkaroon na ng inisyal na pakikitungo kay Duterte noong meyor pa siya ng Davao City.

## Militarisadong kagawaran

Lima sa 21 (bakante ang isa) kagawaran ng gubernong Duterte ay direktang hawak ng retiradong mga sundalo. Nakaupo naman sa Department of Agrarian Reform ang isang gradweyt ng Philippine Military Academy pero hindi nag-aktibong sundalo.

Nangunguna sa mga militarista ang kalihim ng Department of National Defense na si Ret. Gen. Delfin Lorenzana. Masugid siyang taga-pagtaguyod ng mayor na mga patakaran ng US sa loob ng Armed Forces of the Philippines (AFP) mula nang magsilbi siyang Defense Attache ng AFP sa Washington DC noong 2002. Naging katuwang ni Duterte si Lorenzana noong huling bahagi ng dekada 1980 nang siya ay naging kumander ng Second Scout Ranger Battalion sa Davao City.

Pinamumunuan naman ni Ret. Gen. Roy Cimatu ang Department of Environment and Natural Resources. Binansagan si Cimatu bilang


“General Pacman” dahil sa pamumuno niya sa “todergera” sa Mindanao noong pangulo si Joseph Estrada. Gayundin, sa panahong Chief of Staff, nasangkot si Cimatu sa pagtanggap ng “pabaon,” na tinatayang ₱50 milyon, nang siya ay magretiro sa pagkasundalo.

Si Eduardo Año, beterano sa paniktik-militar, ang tumitindig na kalihim ng Department of Interior and Local Government at may hawak ng badyet ng Philippine National Police (PNP). Responsable siya sa pagdukot sa aktibistang si Jonas Burgos noong nakaupo bilang hepe ng Intelligence Service of the Armed Forces of the Philippines. Si Año rin ang kumander ng 10th ID nang patayin nang walang-laban ang may sakit na si Leoncio Pitao (Ka Parago) noong 2015.

Nakaupo naman bilang kalihim ng Department of Information and Communication Technology si Gregorio Honasan. Kabilang si Honasan sa mga sundalong naglunsad ng kudeta laban sa dating presidenteng si Corazon Aquino. Samantala, hawak ni Ret. Gen. Rolando Bautista, kareritong hepe-militar ni Duterte, ang Department of Social Welfare and Development.

## Ibang sibilyang pusisyon

Ipinagkaloob ni Duterte maging ang ilang sibilyang pusisyon labas sa gabinete. Kabilang dito ang Bureau



of Customs (BoC) na tumatayong Komisyoner si Ret. Gen. Rey Leonardo Guerrero. Pinalitan niya si Ret. Police Gen. Isidro Lapeña pagkatapos masangkot sa “paglusot” ng ₱6.4 bilyong halaga ng shabu mula sa China.

Bagaman nasangkot sa anomalya, muling pinaupo ni Duterte si Lapeña bilang direktor ng Technical Education and Skills Development Authority. Ang dati namang itinalaga sa BoC na si Nicanor Faeldon na napilitan ding pababain sa pwesto ay itinalaga sa Bureau of Corrections, ang dating pusisyon ng hepe ng PNP na si Ronaldo de la Rosa bago siya tumakbo bilang senador. Sangkot si Faeldon sa dalawang kudeta laban sa dating presidenteng Gloria Arroyo.

Samantala, hawak ni Carlito Galvez Jr. ang Office of the Presidential Adviser on the Peace Process matapos ibagsak ni Duterte ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at National Democratic Front of the Philippines. Dati siyang hepe-militar ni Duterte at sangkot sa kudeta noong 1989.

Ang iba pang mga ahensyang hawak ng militar ay ang Housing and Urban Development Coordinating Council, Metropolitan Manila Development Authority, National Security at iba pa.

# Tangkang pagdukot, binigo ng taumbaryo

**N**apigilan ng mga residente ng Barangay Bito-on sa Jaro District, Iloilo City ang tangkang pagdukot ng isang kilalang lider-masa nitong buwan. Sama-samang naipagtanggol ng kanyang mga kapitbahay si Wilfredo “Tay Pido” Panuela, 65, isa sa mga lider ng Katilingban sang mga Imol sa Syudad (Kaisog) laban sa dalawang ahenteng paniktik ng estado.

Hinarang ng taumbaryo ang dalawang ahente at dinala sa *barangay hall*. Umamin ang dalawa na sila’y mga elemento ng Philippine Army at National Bureau of Investigation pero hindi nakapagpakita ng pagkakakilanlan. Dati nang pinag-iinitan si Panuela at kanyang asawa na si Josephine dahil sa kanilang paglahok sa mga pakikibaka ng komunidad.

Naniniwala si Maura Abellon, pinuno ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap sa Panay at Guimaras, na sadyang balak ng guberno na dukutin, atakehin o takutin ang mga li-

der ng maralitang lunsod na aktibong lumalaban sa demolisyon at sa pagkundera sa mga kaso ng paglabag sa mga karapatang-tao. Noong Hulyo 8, nagprotesta ang grupo sa labas ng hedkwarters ng pulis sa Iloilo City.

Samantala, pinatay ng militar si Salvador Romano, tagapagtanggol ng karapatang-tao sa Negros noong Hulyo 7. Pinagbabaril si Romano habang lulan ng kanyang motorsiklo sa Aglipay St., Poblacion, Manjuyod, Negros Oriental. Dati siyang istap ng Karapatan Negros at kasalukuyang

myembro ng Iglesia Filipina Independiente (IFI). Ika-48 siya sa mga aktibistang pinaslang sa Negros sa ilalim ng rehimeng Duterte.

Tuluy-tuloy naman ang panggipit sa mga taong-simbahan na bumabatikos sa mga krimen at paglabag ng rehimeng Duterte sa mga karapatang-tao sa isla. Dalawa sa kanila, sina Rev. Joel Bengbeng ng United Methodist Church (UMC) sa Canlaon City at si Rev. Brian Ascuit ng UMC sa San Pedro, Sta. Cruz, ang pinaghahanap ng militar para diumano’y kausapin.

Sa Ilocos, ginigipit din ng militar ang IFI, UMC at United Church of Christ in the Philippines sa tabing ng “pagbisita” ng mga sundalo sa balangkas ng Joint Campaign Plan Kapanatagan. AB

## Pagpapasara sa mga paaralang

### Lumad, kinundena

NAGPROTESTA ANG MGA mag-aaral at guro ng mga paaralang Lumad sa ilalim ng Save Our Schools (SOS) Network sa harap ng upisina ng Department of Education sa Pasig City noong Hulyo 17 para kundenahin ang tangkang pagpapasara sa mga paaralang Lumad sa Mindanao. Partikular nilang binatikos ang pagsuspende sa 55 paaralan na pinatatakbo ng Salugpongan Ta’ Tanu Igkanogon Community Learning Center Inc. alinsunod sa utos ni National Security Adviser Hermonogenes Esperon, Jr. na ipasara ang mga ito.

Sa tala ng Save Our Schools (SOS), may 215 nang mga paaralang sa Mindanao ang sapilitang nagsara mula 2016. Walumpu dito ang nagsara dahil sa pagkakampo ng mga sundalo sa komunidad at sistematikong pang-aatake at paninira ng mga sundalo sa kanilang mga pasilidad.

Matagal nang inakusahan ni Duterte ang Salugpongan at iba pang paaralang Lumad bilang mga paaralang ng Bagong Hukbong Bayan. Sa kanyang ikalawang State of the Nation Address noong 2017, nagbanta siyang bobombahin ang naturang mga paaralan. Sa taong ito, may 30 paaralang Lumad ang nagsara kung saan 1,300 mag-aaral ang natigil sa pag-aaral dahil sa tuluy-tuloy na atake ng militar.

Ayon sa PKP, ipinakikitta ng kautusan ng DepEd kung papaanong itinatakda ng militar sa mga patakaran ng mga ahensyang sibil. Dagdag ng PKP, ito’y dagdag sa mga patakarang anti-Lumad ng rehimeng Duterte kabilang na ang pag-agaw ng kanilang lupang ninuno para ibukas sa pagmimina at mga plantasyon. AB

## Liberalisasyon sa bigas, sakuna sa magsasaka

SA PRE-STATE OF the Nation Address Economic and Infrastructure Forum nga mga upisyal sa ekonomya, tinawag ng mga upisyal ng guberno na isang “napakalaking nakamit na lehislatura” ang Republic Act 11203 o Rice Liberalization Act. Isa itong malaking kalokohan dahil ang katotohanan, ang itinuturing nilang “tagumpay” ay malaking sakuna para sa masang magsasaka ng palay.

Pinagtibay ang naturang batas noong Disyembre 2018 para diumano agapan ang pagsirit ng presyo ng bigas sa lokal na pamilihan. Pero taliwas sa pangakong bababa nang husto ang presyo ng bigas, bumababa lamang ito nang ₱1-2 mula nang ipinatupad ang liberalisasyon. Nananatiling nasa ₱30-₱70 ang bentahan nito sa mga palengke at tindahan.

Ito ay sa kabila ng nakatala sa rekord ng guberno na nasa ₱18-₱25/kilo ang presyo ng *imported* na bigas na pumapasok sa bansa.

Sa kabilang banda, sumadsad ang presyo ng lokal na palay mula abereyds na ₱20/kilo sa maagang bahagi ng taon tungong ₱12-₱17/kilo noong Hunyo. Halos katumbas na lamang ito sa gastos ng produksyon ng mga magsasaka sa palayan. Dulot nito, tinatayang malulugi ang mga magsasaka nang hanggang ₱114 bilyon ngayong taon, malayong mas mataas kaysa ipinagmalaking ₱5.9 bilyong nalikom na taripa dulot ng batas sa liberalisasyon. AB